# Flow ng pag-eenroll

| | | | |
|---|---|---|---|
| Aplikasyon sa pag-eenroll/ panayam (Bandang Setyembre) | Pagpapasiya ng mga mag-aaral na tatanggapin (Bandang Enero) | Sesyon ng impormasyon sa pagpasok (Marso) | Pagpasok (Abril) |


# Lugar ng paaralan

**Toyohashi Junior High School**

〒441-8141
Kusamacho, Toyohashi City,
Aichi Prefecture
(sa loob ng Toyohashi Kōka Kōkō (Technical High School))



Google Map




**Maaring pumili ng ibang paaralan saan man ang iyong tirahan!**

Abril 2026 Pagbubukas ng paaralan

- Toyota Junior High School
- Komaki Junior High School
- Ichinomiya Junior High School

Ito ay ipinaliwanag nang detalyado sa video




I-scan ang code para mapanood ang video

## Sumangguni


**Toyohashi Junior High School**

Telepono
**0532-45-5703**

Email
toyohashi-chu@pref.aichi.lg.jp


Introduksyon sa

# Toyohashi Junior High School



**Halina at subukang mag-aral kasama ang mga kaibigan sa pang-gabing paaralan**



# Anong uri ng paaralan ang Night Junior High School?



- May klase 5 araw sa 1 linggo, Lunes hanggang Biyernes.
- Pag-aaralan ang kaparehong mga paksa tulad sa pang-araw na Junior High School.
- May lisensya sa pagtuturo ang guro.
- Magtatapos siya ng Junior High School kapag natapos niya ang nakatakdang kurso.

# Maaaring mag-enroll ang mga sumusunod na tao

Maaaring mag-enroll ang sinumang lampas sa edad na 15 taong gulang (edad ng kompulsaryong edukasyon), na nakatira o nagtatrabaho sa isang kompanya sa Aichi Prefecture at sakop ng alinman sa mga sumusunod.



- Mga tao na hindi pa nakapagtapos ng elementarya o Junior High School
- Ang mga dayuhan ay maaari ding magpatala
- Mga tao na hindi nakatanggap ng sapat na edukasyon at nais na mag-aral muli



## Kung sa tingin mo ay: “Pwede sa akin ito,” mangyaring makipag-ugnayan sa amin

# Bayarin

Para sa karagdagang detalye, i-click ito

**Libre ang tuition at bayad sa mga librong aralin.**

Kailangang magbayad para sa mga materyales sa pagtuturo, bayad sa paglahok sa mga aktibidad, at pagkain na hinahanda ng paaralan.

# Tungkol sa iskedyul



Katulad ng pang-araw na Junior High School, ang mga mag-aaral ay mag-aaral ng 3 taon.

*Depende sa sitwasyon ng pag-aaral atbp., maari itong paikliin o pahabain hanggang 6 na taon.

May 4 na period ng klase sa isang araw (1 period: 40 minuto).

| Oras | Nilalaman |
|---|---|
| 17:00～17:35 | Pagkain *Sa mga taong may gusto |
| 17:35～17:45 | Homeroom |
| 17:45～18:25 | Ika-1 period |
| 18:35～19:15 | Ika-2 period |
| 19:25～20:05 | Ika-3 period |
| 20:15～20:55 | Ika-4 na period |
| 20:55～21:00 | Homeroom |




Bago magsimula ang klase, maari kang magtanong tungkol sa anumang hindi mo naiintindihan sa klase.

# Tungkol sa kurso

Pumili ng isa sa mga sumusunod na kurso na pagaaralan sa loob ng 1 taon.

**Kurso depende sa kakayanang matuto**

Kabilang ang muling pag-aral sa elementarya

### Basic na kurso
➡ Katumbas ng pag-aaral ng 1 taon sa Junior High School

### Standard na kurso
➡ Katumbas ng pag-aaral ng 2 taon sa Junior High School

### Challenge na kurso
➡ Katumbas ng pag-aaral ng 3 taon sa Junior High School

**Kurso na nakatuon sa pagtuturo ng wikang Hapon**

### Japanese Beginner Course
➡ Para sa mga nagsisimula pa lamang hanggang beginner level ng wikang Hapon

### Japanese Advanced Course
➡ Beginner hanggang intermediate level ng wikang Hapon

*Pag-aaralan din ang bawat paksa.

